1

# Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct* (GMRC)

Kuwarter 1

Linggo 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Joyce Orillosa, Ernesto Ramos Jr. |
| **Content Editor:** | Melynda T. Andres and Joselita Gulapa, Juliet P. Quezon |
| **Illustrator:** | Ernesto Ramos, Jr. |
| **Layout Artist:** | Paul Nelo F. Eusebio, Camelka A. Sandoval |



**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Natutuhan ng mag-aaral ang mga pag-unawa sa sariling paraan ng panalangin | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng karanasan tungkol sa pagpapabuti ng kaniyang ugali dahil sa pananalangin bilang paglinang ng pagiging madasalin | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng wastong kilos at salita sa pananalangin<br>a. Natutukoy ang mga sariling paraan ng pananalangin<br>b. Natutuklasan na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali<br>c. Nakapagbabahagi ng mga karanasan tungkol sa pagpapabuti ng kaniyang ugali dahil sa pananalangin<br>*(hal. disiplina, pagdarasal, nangunguna sa pagdarasal sa klase)* | | | |
| *D. Mga Layunin* | a. Natutukoy ang mga sariling paraan ng pananalangin<br><br>b. Nakikilala na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin | a. Naiisa-isa ang mga sariling paraan ng pananalangin<br><br>b. Naiuugnay na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin | a. Nakapagbabahagi ng mga karanasan tungkol sa pagpapabuti ng kaniyang ugali dahil sa pananalangin (hal. disiplina, pagdarasal, nangunguna sa pagdarasal sa klase)<br><br>b. Naipaliliwanag na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin | a. Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng wastong kilos at salita sa pananalangin<br><br>b. Natutuklasan na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin |
| *E. Lilinanging Pagpapahalaga* | **Madasalin**<br>(Prayerful) | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | **Sariling Paraan ng Pananalangin** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Awit<br>Tula<br>Mga larawan:<br>• batang lalaki na naghuhulog ng pera sa lakansyang kawayan<br>• batang babae na naghuhulog ng pera sa hugis puso na alkansiya<br>• mga batang nananalangin | Awit<br>Tula – Ang Batang Madasalin<br>Mga larawan:<br>• mga batang may ibat-ibang paraan ng pananalangin<br>• mga batang nagpapakita ng pagiging matulungin, masunurin at masayahin<br>Meta cards/strips | Awit<br>Tula- Sariling Paraan ng Pananalangin<br>Mga larawan:<br>• mga batang may ibat-ibang paraan ng pananalangin<br>• mga batang nagpapakita ng pagiging matulungin, masunurin at masayahin | Awit<br>Mga larawan:<br>• mga batang may ibat-ibang paraan ng pananalangin<br>• mga batang nagpapakita ng pagiging matulungin, masunurin at masayahin |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Pagbati**<br>Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat! Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br><br>Awit:<br>*Kamusta, kamusta, kamusta*<br>*Kamusta kayong lahat*<br>*Ako'y tuwang tuwa Masaya't nagagalak Tra-la-*la-la-la la-la-la | **Pagbati**<br>Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat! Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br>*Awit:*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)* | **Pagbati**<br>Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!*<br>*Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br>*Awit:*<br>*Kumusta ka! Halina't magsaya!*<br>*Pumalakpak, pumalakpak*<br>*Ituro ang paa*<br>*Padyak sa kanan, Padyak sa kaliwa*<br>*Umikot ka, umikot ka't* | **Pagbati**<br>Sabihin: *Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat!*<br>*Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit. (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos.)*<br>*Awit:*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)*<br>*Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla*<br>*Kung ikaw ay masaya* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Balik Aral:**<br><br>Ilahad ang larawan.<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang mensahe ng larawan?<br>2. Ano-ano ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid?<br>3. Bakit kailangang mag-impok, magtipid at magtiyaga?<br><br>**Pangganyak**<br>Sabihin:<br>Makinig nang mabuti sa tulang aking babasahin.<br><br>Tula:<br>***Ang Batang Madasalin***<br>*Ang batang madasalin*<br>*Nagiging matulungin.*<br>*Ang batang madasalin*<br>*Nagiging malikhain.*<br>*Ang batang madasalin*<br>*Nagiging masunurin.*<br>*Ang batang madasalin*<br>*Nagiging maunawain.* | **Balik Aral**<br>Ipabigkas ang tula:<br><br>**Ang Batang Madasalin**<br><br>Ang batang madasalin<br>Nagiging matulungin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging malikhain.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging masunurin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging maunawain.<br>Ang batang madasalin<br>nagiging masayahin.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br><br>Ano ang nangyayari sa batang madasalin?<br><br>**Pagganyak**<br><br>Ilahad ang mga larawan.<br><br>**Gawain 1. Suriin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*) | *humanap ng iba.*<br>**Balik Aral:**<br>Pagbigkas ng tula<br><br>**Ang Batang Madasalin**<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging matulungin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging malikhain.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging masunurin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging maunawain.<br>Ang batang madasalin<br>nagiging masayahin.<br><br>**Pagganyak**<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>*Sa pagkakataong ito ay pakinggan natin ang bagong tula na aking babasahin na may pamagat na "Sariling Paraan ng Pananalangin".*<br><br>(Babasahin ng guro ang bagong tula, pagkatapos ay ang mga mag-aaral naman.<br>**Gawain 1. Suriin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa babasahing tula ng guro at sagutin ang sumusunod na mga tanong. | *tumawa ka (hahaha)*<br>**Balik Aral:**<br>Punan ang mga patlang upang makumpleto ang kuwento. Gawing gabay ang mga larawan.<br><br>Ako ay si __________ nasa unang baitang.<br><br>Naka  kapag nagdarasal.<br><br>Nagdarasal ako bago<br> at <br><br>Ako rin ang namumuno sa  sa aming paaralan.<br><br>Dahil sa pagiging madasalin ako ay naging batang<br><br>**Pagganyak**<br><br>Ipakita ang mga larawan<br>  |





| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ang batang madasalin nagiging masayahin.*<br><br>(Guro muna ang babasa ng tula, pagkatapos ay ang mga mag aaral - isahan, dalawahan at maramihan.)<br><br>Itanong:<br>*Ano-ano ang mga maaaring mangyari sa batang madasalin?* | Panuto: Suriing mabuti ang mga larawan at sagutin ang sumusunod na mga tanong.<br><br>*Sagutin nang pasalita ang sumusunod na mga tanong:*<br>*1.. Paano kayo nananalangin?*<br>*2. Isa-isahin ang mga paraan ng iyong panalangin.* | **Sariling Paraan ng Pananalangin**<br><br>Kung ako'y mananalangin<br>Isang tahimik na lugar<br>aking pipiliin.<br><br>Ako ay luluhod<br>Ulo ko'y iyuyukod<br>Mata ko'y ipipikit<br>Hiling ko'y ilalapit<br><br>Upang dinggin,<br>Taos-puso akong<br>mananalangin.<br><br>Mga tanong:<br><br>1.Ano-anong mga sariling paraan ng pananalangin ang nabanggit sat ula?<br><br>2.Kailan kayo nananalangin? Bakit Ninyo ito ginagawa?<br><br>3. Paano kayo nananalangin? | 1. Ano ang nakikita n'yo sa larawan?<br>2. Ano-ano ang mga katangian ng mga nasa larawan?<br>3. Ano-ano ang wastong kilos at gawi ng isang madasalin? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito, inaasahang matutukoy ninyo ang sariling paraan* | Sabihin sa mga mag-aaral: | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa araw na ito, inaasahang maibahagi* | *Sabihin sa mga mag-aaral:*<br>*Sa araw na ito inaasahang maipakikita* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *ng Aralin* | *ng pananalangin. Makikilala n'yo rin na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin.* | *Sa araw na ito inaasahang maiisa-isa ninyo ang sariling paraan ng pananalangin, at maiuugnay na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin* | *ninyo ang sariling paraan ng pananalangin, at maipaliwanag na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin.* | *n'yo ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng wastong kilos at salita sa pananalangin, at matutuklasan na ang sariling paraan ng pananalangin ay nakatutulong sa pagpapabuti ng ugali upang malinang ang pagiging madasalin.* |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Gagabayan ang mga mag-aaral upang maibigay ang kahulugan ng mga salita sa iba't ibang paraan. (panggamit at pagpapakita ng mga larawan).<br><br>Ipakita ang larawan ng mga batang nananalangin.<br><br>**Gawain 1. Suriin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br><br>Panuto: Tingnang mabuti ang mga larawan. | Ilahad ng guro ang mga salita na nakasulat sa meta-cards/<br>**Taimtim**<br>**Madasalin**<br>strips. (Ito ay mga salitang pang-uri na naglalarawan ng paraan ng pananalangin. Maaaring tumbasan din ng mga larawan ang nasa meta-cards upang higit na makatulong sa<br>**Nakapikit**<br>**Nakaluhod**<br>**Nakadapa**<br>mga mag-aaral. Gawing '*inclusive'* upang lahat ng mag-aaral ay makapagbahagi ng sarili nilang paraan ng pananalangin.) | (Gabayan ang mga mag-aaral na maibigay ang kahulugan ng salita at parirala. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.)<br><br>**Disiplina**- Ang disiplina ay tungkol sa pagsunod sa mga alituntunin, patakaran, at mga gawi na nagtuturo ng tamang pag-uugali.<br><br>Malinang ang pagiging **madasalin** - lalo pang mapabuti; mapaigting ang pagdarasal o pananalangin<br><br>Basahing muli ng mga mag-aaral ang salita at parirala.<br><br>✓ Disiplina<br>✓ Malinang ang pagiging madasalin. | Gabayan ang mga mag-aaral para matalakay ang sariling paraan ng pananalangin at nagpapabuti ng ugali ang pagiging madasalin. Maaari ring gumamit ng mga larawan.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral<br>1. Paano ang iyong sariling paraan ng pananalangin?<br>2. Paano mo maipakikita ang wastong kilos o mabubuting katangian?<br><br>(Tumawag ng ilang mga mag-aaral na sasagot sa mga tanong.)<br><br>Mahusay kayong lahat. Palakpakan ninyo ang inyong sarili. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Itanong:<br>1. Ano ang ginagawa ng mga bata?<br>2. Ikaw din ba ay nananalangin? Bakit?<br><br>Kapag palagi kang nagdarasal o nananalangin, ano ang magiging katangian mo? (madasalin/mapanalanginin)<br><br>Sabihin:<br>*Ang pananalangin ay paraan ng pakikipag-usap sa Diyos, kay Allah, o Dakilang Lumikha.*<br><br>*Ang madasalin ay katangian ng isang tao na taos pusong nagdarasal o nananalangin sa Diyos, kay Allah, o Dakilang Lumikha.nang madalas.*<br><br>(Tumawag ng ilang mag-aaral na sasabihing muli ang kahulugan ng panalangin at madasalin.) | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Alam ba ninyo na may iba't ibang paraan ng pananalangin? Narito ang ilan sa mga paraan ng pananalangin: nakapikit, nakaluhod, nakadapa, taimtim. Sino sa inyo na kapag nananalangin ay nakapikit? nakaluhod? nakadapa? taimtim na nanalangin?*<br>*May iba't ibang paraan ng panalangin. Kagaya ninyo, kayo ay may iba't ibang paraan ng pakikipag-usap sa Diyos, kay Allah o sa Dakilang Lumikha.*<br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>*Paano ka nakikipag-usap sa Diyos, kay Allah o sa Dakilang Lumikha?*<br>(Tumawag ng ilang mag-aaral na sasagot sa tanong. Tandaan ang *inclusivity.*) | Mahusay kayong lahat.<br>Bigyan ng sampung palakpak ang inyong sarili!<br><br>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu! | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* |  <br>Muling ipapakita ng guro ang mga larawan.<br>Sabihin:<br>*Ang dalawang batang ito ay mag kaibigan. Alam ba ninyo ang kanilang* | Muling ilahad ang mga larawan na ginamit sa pagganyak. Ito ay magiging lunsaran sa pagpapatuloy ng aralin.<br><br> | Ilahad muli ang bagong tula.<br><br>**Sariling Paraan ng Pananalangin**<br><br>Kung ako'y mananalangin<br>Isang tahimik na lugar aking pipiliin.<br><br>Ako ay luluhod<br>Ulo ko'y iyuyukod<br>Mata ko'y ipipikit |  <br>Ilahad ang kuwento nina Nat at Kat.<br>Sabihin sa mga mag-aaral.<br>*Makinig kayong mabuti sa aking babasahing kuwento.* |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *pangalan. Ano-ano ang katangian ng madasalin? Nais ba ninyong malaman?*<br><br>*Makinig kayo*:<br><br><br>Ito ay si Ken. Dati siyang hindi nagdarasal. Inuubos niya ang kanyang oras sa paglalaro.<br>Isang araw, tinanong siya ng kaniyang nanay kung ano ang pangarap niya. Sinabi niya na nais niyang maging guro.<br>"Makakamit mo iyan kung magiging madasalin ka," sabi ng kaniyang nanay. Mula noon, lagi siyang nananalangin na nawa ay matupad ang kaniyang pangarap.<br>May sarili siyang paraan ng pananalangin. Tulad ng pagpikit, pagluhod, at pagyuko ng kaniyang ulo. Ginagawa niya ito upang hindi siya magambala ng sinoman at anomang mga bagay sa paligid niya.<br>Ang paraan ng kaniyang panalangin ay nakatulong sa pagpapabuti ng kaniyang ugali. Siya ay naging matulungin, mabait, magalang, masayahin, disiplinado, at masunuring bata.<br> |  <br> <br><br><br>Muli nating alalahanin ang ating kuwento kahapon.<br>• Ano ang natutuhan ninyo sa ating kuwento?<br>• Bakit mahalaga ang pagiging madasalin?<br>• Paano ipinakita nina Ken at Karen ang pagiging madasalin?<br>• Paano mo ipinapakita ang iyong pananalangin?<br>Mga inaasahang sagot ng mga mag-aaral. | Hiling ko'y ilalapit<br><br>Upang dinggin,<br>Taos-puso akong mananalangin.<br><br>Magkaroon ng talakayan.<br>Itanong sa mga mag-aaral:<br><br>*1.Ano-ano ang mga sariling paraan ng pananalangin na nabanggit sa tula?*<br><br>*2.Kailan kayo nagdarasal? . Bakit ninyo ginagawa ito?*<br><br>*3. Paano kayo nagdarasal?* | Ako si Nat at ako naman si Kat. Katulad ninyo, kami ay nasa unang baitang.<br>May sarili kaming paraan ng pananalangin tulad ng pagpikit ng mata, pagluhod at iba pa. Napakalaki ng naitulong nito sa aming dalawa. Bumuti ang aming ugali at nalinang ang aming pagiging madasalin kaya kami ang nangunguna sa pagdarasal sa aming klase.<br>Lahat ng patakaran ng paaralan ay aming sinusunod. Hindi kami sumusuway sa mga ito. Lagi kaming bumabati sa aming mga guro at lahat ng mga nakatatanda sa amin. Kami ay magagalang, masisipag, at mababait na mga bata kaya kami ay kinagigiliwan ng lahat.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br><br>*1. Ano ang katangian na nalinang sa magkaklase sa pagkakaroon nila ng sariling paraan ng pananalangin?*<br><br>*2.Nais ba ninyong maging katulad nila? Bakit?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ito naman si Karen. Dati, hindi rin siya nagdarasal. Ngunit dahil sa impluwensya ni Ken, naging madasalin siya.<br>Dalawang beses siyang manalangin sa isang araw. Hindi niya hinahayaang lumipas ang isang araw na hindi siya nakakapagdasal.<br>Kaniyang ipinipikit ang kaniyang mga mata at iniyuyuko ang ulo, tanda ng pag papakumbaba sa Diyos.<br>Dahil sa katangian niyang ito, siya ay naging matulungin, mabait, magalang masayahin, disiplinado, at masunuring bata.<br><br>Itanong:<br><br>*1. Ano ang mensahe ng kuwento?*<br><br>*2. Paano ang paraan ng pananalangin nina Ken at Karen?*<br><br>3. *Mahusay kayo at tama ang inyong mga sagot.*<br><br>*4. Palakpakan ninyo ang inyong sarili!* | Mga paraan ng pananalangin nina Ken at Karen:<br>1. nakapikit<br>2. nakayuko<br>3. nakaluhod<br>4. Taimtim na nananalangin<br>5. Araw-araw na nananalangin<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br><br>Paano kayo nananalangin? Isa-isahin ang mga paraan ng iyong pananalangin.<br><br>(Tumawag ng ilang mag-aaral upang sumagot sa tanong. Gawing inclusive ang pagtatalakayan ng aralin.) | | *Mahusay kayo at tama ang inyong mga sagot.*<br><br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili.* |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Itanong:<br>*Paano kayo nananalangin?*<br>*Bakit kailangan nating manalangin ano ba nga naidudulot nito sa iyo?*<br><br>Bibigkasin ng guro ang tula at ipatukoy sa mga bata ang mga magiging katangian ng isang batang madasalin. (Maaaring lakipan ng mga larawan) | Itanong:<br>*Paano kayo nananalangin?*<br>*Ano-ano ang naitutulong sa inyo ng pagiging madasalin? Bakit kailangan nating maging madasalin?*<br><br>Ilahad muli ang tula na tinalakay kahapon at bigkasin. Bigyang | Kayo, mga bata, paano kayo nagdarasal? Ano ang paraan ninyo sa pananalangin? Ano ang nalinang na ugali sa inyo ng pagiging madasalin?<br><br>*Punan ang mga patlang upang makompleto ang kuwento sa ibaba.* | Sabihin sa mga mag-aaral.<br><br>Bilang mga batang madasalin, ano ang inasaahan sa inyong mga kilos at gawi?<br>Ano ang mga ginagawa mong kabutihan para sa sarili at sa kapuwa dahil sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Ang Batang Madasalin**<br><br>Ang batang madasalin nagiging matulungin.<br><br>Ang batang madasalin nagiging malikhain.<br><br>Ang batang madasalin nagiging masunurin.<br><br>Ang batang madasalin nagiging maunawain. | pansin ang sariling paraan ng panalangin.<br><br>**Sariling Paraan ng Pananalangin**<br>Ilahad ang komiks sa mga mag-aaral.<br><br>**Gawain 2. Subukin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa komiks na babasahin ng guro at sagutin ang sumusunod na mga tanong. | Ako ay si ___________ nasa unang baitang.<br><br>Naka  kapag nagdarasal.<br><br>Nagdarasal ako bago<br> at <br>Ako rin ang namumuno sa  sa aming paaralan.<br><br>Dahil sa pagiging madasalin ako ay naging batang<br><br> | palagiang pananalangin? Ipaliwanag.<br><br>Ang batang madasalin ay nagpapakita ng mga mabuting gawi. Dahil isinasabuhay niya ang nilalaman ng kaniyang panalangin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>Ang batang madasalin nagiging masayahin. | Habang recess ay nag-uusap ang magkakamag-aral na sina Liz, Ron, Mae, at Jan.<br><br>Liz: Napakaganda ng ating aralin kanina sa GMRC, tungkol sa sariling paraan ng pananalangin. Hindi ba Ron?<br><br>Ron: Oo nga. Ako bilang Muslim ay palagi kaming nananalangin at nagpasasalamat kay Allah.<br><br>Mae: Kami naman bilang Kristiyano ay nakatayo nang maayos, nakapikit, at taimtim na sinasabi ang laman ng aming mga puso.<br><br>Jan: Kami rin sa simbahan. Kami ay nakaluhod at nagdarasal.<br><br>Liz: Iba-iba man tayo ng paraan ay mabuti na marunong tayong makipag-usap sa Diyos, kay Allah o sa Dakilang Lumika.<br><br>Ron: Naku, ang bilis ng oras! Tayo nang maghanda para sa pag-aaral ng susunod nating aralin sa Makabansa.<br><br>Pumasok na ng silid-aralan ang mga bata. |  | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Itanong sa mga mag-aaral.<br>*1. Ano-ano ang mga paraan ng panalangin nina Ron, Mae, at Jan?*<br>*2. Paano ang paraan ng iyong panalangin*?<br><br>(Isa-isahin ang mga paraan ng pananalangin.) | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Itanong sa mga mag-aaral:<br>*1. Ano-ano ang nagiging ugali at katangian ng madasalin?*<br>*2. Paano kayo nananalangin?*<br>*3. Bakit kayo nananalangin?*<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Sa pagkakataong ito ay magkaroon tayo ng gawain.*<br>*Itaas ang kanang kamay kung sariling paraan ang panalangin na sasabihin ko at kaliwang kamay kung hindi.*<br><br>1. nakapikit<br>2. araw-araw na nananalangin<br>3. nakaluhod<br>4. nakayuko<br>5. nakasubsob ang ulo<br>6. nakadapa<br>7. taimtim na nananalangin<br>8. mahinang boses<br>9. mula sa puso<br>10. nagpapasalamat | Pangkatang Gawain:<br>Pagsasadula ng nailahad na pag-uusap nina Liz, Ron, Mae, at Jan.<br>Pangkatin ang klase na may limang miyembro.<br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>• *Bawat pangkat ay magsasadula ng binasang komiks*<br>• *Bibigyan ng limang (5) minuto ang bawat pangkat upang mag-usap at magsanay.*<br>• *Biibigyan ng tig-tatlong (3) minuto ang bawat pangkat sa paglalahad.*<br><br>Pagkatapos magpakita ng dula-dulaan. Maaari ring ilahad ang rubric sa pagtatasa ng bawat pangkat.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Mahusay kayong lahat!*<br>*Palakpakan ninyo ang inyong sarili!* | Pangkatin ang mga mag-aaral na may limang (5) kasapi ang bawat pangkat.<br><br>Ako ay si __________ nasa unang baitang.<br><br>Naka  kapag nagdarasal.<br><br>Nagdarasal ako bago<br> at <br>Ako rin ang namumuno sa  sa aming paaralan.<br><br>Dahil sa pagiging madasalin ako ay naging batang | Mula sa kuwento, ano-ano ang mga dapat na kilos at gawi ng isang batang madasalin?<br><br>**Gawain 1. Sagutin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br><br>Panuto: Isulat sa iyong sulatang papel ang bilang ng mga larawan na nagpapakita ng dapat na kilos o gawi ng isang batang madasalin.<br>1.  2. <br>3.  4.  |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br><br><br>✓ Ibigay sa bawat kasapi ang mga larawan na tutugma sa karanasang ibinahagi.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>*Kapag tayo ay madasalin, lalong bumubuti ang ating mga gawi dahil sa pagtupad at pagsasabuhay ng mga alituntunin ng Diyos, ni Allah o sa Dakilang Lumikha.* | 5. <br>6. <br>7.  |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Itanong<br>1. *Ano ang mga nagiging ugali at katangian ng isang batang madasalin?*<br>2. *Paano ka nananalangin?*<br>*Ating tandaan na ang pananalangin ay isang paraan ng* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>*Mula sa inyong dula-dulaan, ano-ano ang mga paraan ng panalangin na inyong natutuhan? (Isa-isahin.)* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>*Mula sa ating pinag-aralan, paano kayo nananalangin? Ibahagi ang mga karanasan tungkol sa pagpapabuti ng inyong ugali* | Sabihin sa mga mag-aaral.<br>*Mula sa ating pinag-aralan, ano-ano ang mga wastong kilos o gawi ng isang batang madasalin?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *pakikipag usap natin sa Diyos, Allah, o Dakilang Lumikha. Sa pamamagitan nito naipaparating natin ang nais nating hilingin sa Kaniya.*<br>*Ang pagiging madasalin natin ay nakakatulong sa paglinang ng mabuting ugali.* | *Tandaan na ang sariling paraan ng panalangin na laging ginagawa ay naglilinang sa pagiging madasalin.* | *dahil sa pananalangin. (hal. disiplina, pagdarasal, nangunguna sa pagdarasal sa klase)* | *Paano nakatutulong ang pananalangin sa pagpapabuti ng ugali?* |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Gawain 2. Sagutin mo.**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br>(Ipaliwanang nang mabuti ang panuto.)<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Isulat sa inyong sagutang papel ang letrang **T** kung tama ang ipinahahayag at **M** kung mali.<br>1. Tuwing gumigising si Ana ay lagi siyang nananalangin. Nag-aalay siya ng pagpapasalamat at humihingi din ng gabay at tulong sa Dakilang Lumikha.<br><br>2. Si Mico ay isang Muslim. Laman ng kaniyang panalangin ay ang lubos na pagpapasalamat kay Allah.<br><br>3. Bago kumain ay nagdarasal si Mica bilang pasasalamat sa mga biyayang kaniyang tinatanggap.<br><br>4. Tuwing nagdarasal si Ed ay palaging nagbibiro sa kaniyang mga sinasabi.<br><br>5. Mataimtim na nananalangin sa | **Gawain 3**<br>(Makikita rin sa *Learning Activity Sheet.*)<br>(Ipaliwanang nang mabuti ang panuto.)<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na aking babasahin. Iguhit sa iyong sulatang papel ang masayang mukha kung tama ☺ at malungkot na mukha ☹ kung mali ang pahayag.<br>1. Mahalaga para kay Ken ang sariling panalangin upang malinang ang pagiging madasalin.<br>2. Binibiro ni Max ang mga sinasabi at hindi Taos-puso ang kaniyang pagdarasal.<br>3. Nakapikit at taimtim na nananalangin si Liz kaya matatag ang kaniyang pag-asa sa buhay.<br>4. Naglalaro si Ben habang nanalangin at hindi inuunawa ang sinasabi ng nagunguna sa panalangin.<br>5. Nakaluhod na nagdarasal si Jan at nagpapasalamat sa | Panuto: Punan ang bawat patlang ng tamang salita upang mabuo ang pagbabahagi ng karanasan tungkol sa pagpapabuti ng inyong ugali dahil sa pananalangin.<br><br>A. Ako ay si__________.<br><br>Ako ay nasa _____ baitang.<br><br>Nagdarasal ako bago ________ at ______. Ako rin ang namumuno sa _________ sa aming klase.<br><br>B. Dahil sa pagiging madasalin, ako ay naging batang_______.<br><br> | Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng tamang sagot.<br><br>1. May nakitang nakakalat na balat ng kendi sa loob ng inyong silid aralan. Ano ang iyong gagawin?<br>A. pabayaan<br>B. pupulutin at itapon sa basurahan<br>C. ipapupulot sa kaklase<br>D. ipapupulot sa guro<br><br>2.Walang nais manguna sa pagdasal sa inyong klase, sinabi ng iyong guro na ikaw ang manguna, ano gagawin mo?<br>A. sabihing nahihiya ako<br>B. sundin ang sinabi ng iyong guro<br>C. sabihin na iba na lang ang tawagin<br>D. ituro ang kamag-aral<br><br>3. Sinabi ng nanay mo na hintayin ang iyong sundo pauwi sa bahay dahil lagi |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Diyos si Mae. Humihingi siya ng kapatawaran sa kaniyang mga pagkakamali at paggabay sa araw-araw.<br>Susing sagot:<br>1. T<br>2. T<br>3. T<br>4. M<br>5. T | mga biyayang kaniyang natatanggap.<br>Susing sagot:<br>1. ☺<br>2. ☹<br>3. ☺<br>4. ☹<br>5. ☺ | Susing sagot:<br>1. (Pangalan ng mag-aaral)<br>2. Unang baiting<br>3. matulog<br>4. pananalangin<br>5. masayahin/ matulungin/malikhain/ masunurin/mabait | kang may sundo. Ano ang iyong gagawin?<br>A. Sasama ako sa kaklase.<br>B. Susundin ko ang sinabi ng nanay.<br>C. Taguan ko ang sundo.<br>D. Uuwi akong mag-isa.<br>4. Nakasalubong mo ang iyong guro. Ano ang gagawin mo?<br>A. Iiwas ako sa kaniya.<br>B. Babatiin ko siya nang buong galang.<br>C. Hindi ko siya papansinin.<br>D. Tataguan ko siya.<br>5. Nakita mo sa paaralan mo ang karatulang “Bawal Pumitas ng Bulaklak,” ano gagawin mo?<br>A. Pipitas ako ng bulaklak.<br>B. Hindi ako pipitas ng bulaklak.<br>C. Tatapakan ko ang bulaklak.<br>D. Sisirain ko ang karatula. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Isulat ang bilang ng larawan sa iyong sagutang papel na nagpapakita ng sariling paraan ng pananalangin.<br>1.  2. <br>  | Muling ipabigkas ang tula.<br>**Ang Batang Madasalin**<br>Ang batang madasalin nagiging matulungin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging malikhain.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging masunurin.<br>Ang batang madasalin<br>Nagiging maunawain. | Muling ipabigkas ang tula.<br>**Sariling Paraan ng Pananalangin**<br>Kung ako’y mananalangin<br>Isang tahimik na lugar aking pipiliin<br>Ako ay luluhod<br>Ulo ko’y iyuyukod<br>Mata ko’y ipipikit<br>Hiling ko’y ilalapit | Piliin ang tamang larawan na sasagot sa mga situwasyon. Isulat ang bilang sa iyong sagutang papel.<br>1. Dumating ang lola mo. Alin sa mga larawan ang gagawin mo?<br>a. <br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. 4.<br>5. <br>6.  | Ang batang madasalin nagiging masayahin.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>*Sa tulang binigkas, alin ang pinakagusto mong bahagi? Ipaliwanag*. | Upang dinggin,<br>Taos-puso akong mananalangin.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>*Sa tulang binigkas, alin ang pinaka gusto mong bahagi? Ipaliwanag.* | b.<br>c. <br>2. Nakahanda na ang hapag. Kakain na kayo para sa Tanghalian. Alin sa mga sumusunod na larawan ang dapat mong gagawin?<br>a. <br>b. <br>c.  |
| *Mga Tala* | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin | Mga Paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap | 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap |
| *Repleksiyon* | Bilang guro-<br>Natutuhan ko na ___________<br>Nabatid/narealize ko________<br>Nadama ko na_______________<br>Nagpasya ako na ituon __________ | Bilang guro-<br>Natutuhan ko na ___________<br>Nabatid/narealize ko________<br>Nadama ko na____________<br>Nagpasya ako na ituon _______ | Bilang guro-<br>Natutuhan ko na _________<br>Nabatid/narealize ko_______<br>Nadama ko na___________<br>Nagpasya ako na ituon_____ | Bilang guro-<br>Natutuhan ko na _________<br>Nabatid/narealize ko_______<br>Nadama ko na___________<br>Nagpasya ako na ituon _____ |

Inihanda ni:

_________________________
Guro

Nirebyu ni:

_________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________
School Head